

CATHOLIC KYOTO DIOCESE

Catholic Chancery Office

Ichijoden-cho 502-1
Kamigyo-ku, Kyoto,
602-0934 JAPAN
TEL: -81-75-366-3629
FAX: -80-75-366-3598

カトリック京都司教区

〒604-8006
京都市上京区一条殿町 502-1
TEL: (075)366-3629
FAX:(075)366-3568
E-mail: Curia@kyoto.catholic.jp

Kyo.Prot.N. 3/2021

2021 年 1 月 11 日

MGA HAKBANG NG DIYOSESIS NG KYOTO PARA SA NEW CORONAVIRUS (BILANG 10) PAGSUSPENDE NG MGA MISA SA KYOTO, NARA, SHIGA AT MIE

Mga Kapatid na Katoliko sa Diyosesis ng Kyoto:

Sa pagpasok natin sa Bagong Taon, mayroong pagsabog sa pagtaas ng nahawaan ng new coronavirus sa buong bansa.

Ang pamahalaan ay nagdeklara ng state of emergency sa Tokyo metropolitan area (Tokyo at tatlong karatig na prefectura) mula Enero 8. Ang bilang ng mga tao na bagong na-infect ay mabilis na dumarami at lumalala ang sitwasyon sa mga institusyong medical sa prefectura ng Kyoto, Nara, Shiga, at Mie ng Diyosesis ng Kyoto, kabilang na ang lugar ng Kansai kung saan sakop ang prefectura ng Osaka, Hyogo, at Wakayama ng Arkidiyosesis ng Osaka.

Kaya naman, aking hinihiling na ihinto pansamantala ang mga Misa sa lahat ng block ng Diyosesis ng Kyoto bilang pagtugon sa countermeasures na ginagawa ng lokal na pamahalaan laban sa coronavirus.

Gayun din, para mapigilan ang pagdagsa ng tao, iwasan na magsagawa ng mga aktibidad na face-to-face (meeting, etc.) maliban sa Misa. Sa halip, gumamit ng telepono, e-mail, internet meetings, etc. hanggat maaari.

* Ang priest coordinator ng bawat block ay dapat isaalang-alang ang alert level (o phase) ng prefectura sa pagsusuri sa pagsuspende ng Misa. Sa anumang kaso, ang suspensyon sa apat na block sa timog na bahagi ng diyosesis na inanunsiyo sa Bulletin Number 9 ay magpapatuloy.

* Maari lamang na suriin at mainam na ipatupad ang mga hakbang sa pagsugpo sa pagkalat ng inpeksyon sa mga lugar sa parokya.

* Ang mga pari ay dapat mag-ingat na hindi ipagkatiwala ang reception at pagdisinpekto ng simbahan sa mga leader o iilang parokyano lamang. Kung hindi makakahanap sa mga taong gagawa nito ay mainam na ikansela ang Misa.

Ang muling pagpapatuloy ng mga Misa ay nakadepende sa alert level ng bawat lugar at muling maipapagpatuloy kung ang level sa bawat prefectura ay maluwig na. Pansamantala, ang diyosesis ay magbibigay ng mahigpit na pansin sa sitwasyon ng virus.

Unawain sana natin na ang mga sumusunod na hakbang ay para sa kaligtasan ng lahat at ating pakikiisa sa mga healthcare professionals.

Ako ay nagdarasal para sa kaligtasan at mabuting kalusugan ng lahat. Paki-ingatan ang inyong mga sarili.

✠Paul Yoshinao Otsuka
Obispo ng Kyoto